Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Bukas ang mga application para sa mga citizen advisory committee, board at tribunal

***Ang mga residente ng Brampton na may passion para sa komunidad ay hinihikayat na mag-aplay para sa 2022-2026 termino***

BRAMPTON, ON (Pebrero 2, 2023) – Ang mga residente na may passion sa pagbuo ng lungsod at interes sa pagtulong sa paghubog sa kinabuksan ng ating komunidad ay iniimbitahan na mag-aplay sa mga Advisory Committees, Boards at Tribunals ng Lungsod ng Brampton para sa terminong 2022-2026 ng Konseho ng Lungsod.

Ang mga miyembro ng mga pangkat na ito ay gagawa ng kaibahan sa ating lungsod at direktang kaugnay ng mga desisyon ng lokal na pamahalaan. Ang mga advisory committee, boards at tribunals ay tutulong sa pagpaaalam sa Mayor at sa Konseho tungkol sa mga usapin na mahalaga sa mga Bramptonian. Ang paglahok ng publiko sa proseso ng pagdedesisyon ay mahalaga sa pagtatayo ng isang magandang lugar na tirahan, pagtrabahuhan at pag-i-enjoyan.

Bukas ang mga application ngayon para sa sumusunod:

**Mga citizen-based advisory committee at mga board na may mga bakante:**

- Accessibility Advisory Committee
- Active Transportation Advisory Committee
- Brampton Heritage Board
- Brampton Library Board
- Brampton Community Safety Advisory Committee
- Brampton School Traffic Safety Council
- Brampton Sports Hall of Fame Committee
- Environment Advisory Committee

**Mga adjudicative committee, mga administrative tribunal at iba pang mga appointment:**

- Administrative Monetary Penalty System Hearing Review Officer
- Brampton Appeal Tribunal
- Committee of Adjustment
- Election Compliance Audit Committee
- Property Standards Committee

Para mag-access sa mga application form at para sa karagdagang mga detalye, kabilang ang mga kwalipikasyon at responsibilidad, i-click dito. Ang mga application ay kailangang isumite na hindi lalampas sa Pebrero 28, 2023 sa 4:30pm.

Ang isang committee na may minimum na tatlong Miyembro ng Konseho ang magsasagawa ng mga interbyu sa mga aplikante at gagawa ng mga rekumendasyon tungkol sa mga appointment sa Mayor at sa Konseho sa Marso.

Ang kahaliling pormat ng mga application ay pwedeng makuha kung hihilingin. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa:

**Opisina ng City Clerk**

Brampton City Hall
2 Wellington St W, Brampton, ON L6Y 4R2
905-874-2100, cityclerksoffice@brampton.ca

**Quote**

“Ang mga appointment ng mga mamamayan ay gumaganap ng mahalagang papel sa kung paano natin paplanuhin ang ating kinabukasan. Mahalaga ang paglahok ng publiko sa mabuting pamamahala at pag-unlad. Magkasama, magagawa natin ang pinakamagandang posible para sa Brampton. Mangyaring isulong ang inyong pangalan para makatulong sa paghubog ngayon at sa isang maunlad na bukas para sa ating Lungsod.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca